

# Newsletter para sa Dami ng Trabaho sa Paglilinis



## Mga Anunsiyo: Bagong pangalan

Tagsibol 2024

## Pagpapahalaga sa Pagbabawas ng Pinsala sa Trabaho ng mga Tagapaglinis (Cleaners' Occupational Injury Reduction Emphasis o CORE)

Nagpalit na kami ng pangalan! Bagama't nagsimula kami bilang "Pag-aaral ng Load sa trabaho ng mga Tagapaglinis" - sa pagpapatuloy, nais naming isama ang mas malawak na hanay ng mga komersyal na tagapaglinis at ang kanilang mga pangangailangan sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho. Na-update namin ang [aming webpage](#) ng ilang bagong impormasyon, kabilang ang isang paglalarawan ng kasalukuyang magagamit na bersyon ng [tool na calculator ng load sa trabaho](#), at ang aming mga kasalukuyang layunin, na:

- Palawakin ang tool na calculator ng load sa trabaho para sa mga tagapaglinis at maglabas ng web-based na bersyon ng tool.
- Paglabas sa manwal ng gumagamit (Tagsibol 2024).
- Patuloy na magsagawa ng mga detalyadong obserbasyon sa lugar ng trabaho, upang palawakin at pinuhin ang calculator.
- Susuriin ang mga tool at paraan ng paglilinis upang matukoy kung paano naiimpluwensyahan ng mga ito ang panganib ng pinsala.
- Ipagpatuloy ang pakikipanayam sa mga nasugatan na tagapaglinis upang matukoy ang ugat ng mga karaniwang pinsala at karamdaman.
- Gumawa ng mga tool sa pag-iwas at interbensyon upang makatulong na mapanatiling ligtas at nakakapagtrabaho ang mga tagapaglinis.

Marami pang mga pag-update ang darating sa aming mga publikasyon— manatiling nakatutok!

## Spotlight ng Panganib: Mga Pagkakalantad sa Kemikal

Bawat buwan, sinusuri namin ang mga kahilingan sa kompensasyon ng mga manggagawa mula sa mga tagapaglinis upang matukoy ang mga karaniwang panganib.



Upang alamin ang higit pa tungkol sa pag-aaral, tumawag/mag-text/mag-email sa SHARP:  
360-819-7908 ■ 1-888-667-4277 ■ [JanitorStudy@Lni.wa.gov](mailto:JanitorStudy@Lni.wa.gov)  
Numero ng Publikasyon ng SHARP: 102-152-2024



Ang mga tagapaglinis at naglilinis ay regular na nakalantad sa iba't ibang mga kemikal na mapanganib sa trabaho. Kamakailan, maraming tagapaglinis ang nasugatan o nagkasakit sa trabaho sa pamamagitan ng pag-inom mula sa mga bote na naglalaman ng mga kemikal.

Noong nagsimula ang aming pananaliksik, nagsagawa kami ng survey sa kabuuan ng mga tagapaglinis sa WA upang magtanong tungkol sa mga panganib kabilang ang load ng trabaho at ergonomikong na mga panganib, pagkakalantad sa kemikal, pati na rin ang iba pang mga salik ng organisasyon sa trabaho at mga isyu sa kaligtasan. Sa 620 kumpletong tugon, 35% ng mga tagapaglinis ang nag-ulat na mayroon silang ilang uri ng iritasyon mula sa pagkakalantad ng kemikal (mata, balat, at/o paghinga).

Ang aming tip sheet sa quarter na ito ay isang paalala na huwag **kailanman** maglagay ng mga kemikal sa mga bote ng tubig, tasa, o iba pang walang label na lalagyanan. Ang mga lalagyan ng kemikal ay **dapat palaging may malinaw na label** na may pangalan ng produkto at impormasyon sa panganib.

- Ang Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Division of Occupational Safety & Health o DOSH) sa L&I ay lumikha ng isang [Gabay ng mga Manggagawa sa Mapanganib na Kemikal](#) (sa Ingles at Espanyol) na isang libreng mapagkukunan na nagbibigay ng impormasyon sa paggamit ng mga kemikal sa lugar ng trabaho, ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng mga karaniwang label ng panganib at mga simbolo ng unibersal na panganib, at nagbibigay ng mga sagot sa mga karaniwang tanong, checklist sa kaligtasan, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa L&I para sa mga nais ng karagdagang tulong at impormasyon.
- Ang Pangangasiwa sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration o OSHA) ay lumikha din ng mga unibersal na quick card ng simbolo sa panganib na maaaring magamit upang tukuyin ang karaniwang impormasyon sa panganib ([Ingles](#) at [Espanyol](#)).

Maghanap ng higit pang impormasyon sa mga panganib sa kemikal sa susunod na dyaryo!